



**Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Question, FAQ) para sa
Mga Pasilidad sa Residensyal na Pangangalaga para sa Mga Nasa Hustong
Gulang at Nakakatanda**

Na-update noong Setyembre 6, 2020

Ang sumusunod na FAQ ay binuo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco para sa paggamit ng mga lokal na pasilidad at ipo-post ito sa www.sfcddcp.org/covid19. Puwedeng magbago ang impormasyon.

AUDIENCE: Mga administrator para sa lahat ng pasilidad na lisensyado ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Lipunan ng California (California Department of Social Services)/Dibisyon sa Paglilisensya sa Pangangalaga ng Komunidad (Community Care Licensing Division) sa San Francisco. Kasama rito ang: Mga Residensyal na Pasilidad para sa Nasa Hustong Gulang (Adult Residential Facility, ARF), Pasilidad sa Residensyal na Pangangalaga para sa Nakakatanda (Residential Care Facility for the Elderly, RCFE), Pasilidad sa Residensyal na Pangangalaga (Residential Care Facility) – Patuloy na Pangangalaga (Continuing Care), Pasilidad sa Panlipunang Rehabilitasyon (Social Rehabilitation Facility), at Pasilidad sa Residensyal na Pangangalaga para sa May Malubhang Sakit (Residential Care Facility for the Chronically Ill)

Buod ng Mga Pagbabago mula sa 05/01/2020 na Bersyon

- Sanggunian ng gabay tungkol sa:
 - Paano mapagbibigyan ng pasilidad ang mga outdoor na pagbisita o pagbisita nang may harang o bintana [sa sasakyan o pasilidad] nang alinsunod sa naamyendahang [Health Order No. C19-09b](#) (tingnan ang seksyon sa “Mga Pinapayagang Pagbisita”).
 - Muling pagsasagawa ng sabay-sabay na pagkain at mga panggrupong aktibidad ng residente sa mga maliit at matatag na grupo

BACKGROUND: Maaaring partikular na may mataas na panganib sa impeksyon at mga kumplikasyon ng COVID-19 ang mga residente at tauhan sa mga pasilidad sa residensyal na pangangalaga para sa nasa hustong gulang at nakatatanda, lalo na iyong may malapitang pakikipag-ugnayan sa mga tao mula sa labas ng pasilidad, na mas matanda, o may malubhang medikal na kundisyon. Masusing makikipagtulungan sa mga tauhan ng pasilidad ang mga tauhan ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) na tumutugon sa mga pinaghihinalaan o kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa mga pasilidad na ito para matiyak na isasagawa ng mga pasilidad ang mga hakbang para maiwasan at matugunan ang COVID-19. Nasa ibaba ang mga sagot sa ilang karaniwang itinatnong.

Mga Pangkalahatang Hakbang sa Pag-iingat at Pagpapaliit ng Panganib

Ano ang magagawa ko para maiwasan ang pagkakaroon ng COVID-19 sa aking pasilidad? Ano ang magagawa ko para maiwasan ang pagkalat ng COVID19 sa pasilidad?

Sumangguni sa Buod ng [Provider Information Notice \(PIN\) Summary 20-23-ACS](#) (Abiso Tungkol sa Impormasyon Mula sa Provider ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Lipunan ng Estado ng California)



na 20-23-ACS) at [AFL 20-22.3](#), parehong inisyu noong Hunyo 26, 2020, para sa updated na gabay sa COVID-19. Kasama sa gabay na ito ang mahalagang tungkulin ng pag-test, pagbago ng mga alituntunin sa pagbisita, pangangailangan para sa pagpigil at pagkontrol ng impeksyon, at pagsusuot ng mga takip sa mukha sa mga pasilidad sa pangangalaga para sa nasa hustong gulang at nakakatanda.

Magsisilbing gabay ang mga dokumentong nakasaad sa itaas sa pangangasiwa kung paano:

- **Magpatupad ng social distancing para mabawasan ang panganib ng transmisyon.**
- **Linisin at i-disinfect ang kapaligiran.**
- **I-screen ang mga residente para sa lagnat at mga sintomas sa respiratory system.**
- **Ihanda at protektahan ang iyong mga tauhan**

Pag-test, Pag-isolate at Pag-quarantine at Pag-abiso

Anong mga sintomas ng COVID-19 ang dapat naming i-screen para sa mga bisita at empleyado?

- Lagnat – Kung gumagamit ng thermometer, temperatura na 100.0°F (37.8°C) o mas mataas
- Ubo, pangangapos ng hininga, mga pangangatog, pananakit ng kalamnan, sakit ng ulo, pananakit ng lalamunan, o bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy

Ano ang dapat gawin ng pasilidad kung may residente, bisita o tauhan na nakumpirmang may impeksyon ng COVID-19?

- Makipag-ugnayan sa Hub para sa Nakakatanda ng SFDPH para sa pagkonsulta at paggabay sa Linya ng Telepono ng Senior Sites para sa COVID-19: 628-217-6358, Pangkalahatang Linya ng Telepono para sa COVID-19: 415-554-2830, o mag-email sa: seniorsites@sfdph.org
- Ihinto ang lahat ng pagbisita at panggrupong aktibidad, kabilang ang sabay-sabay na pagkain; muling ipatupad ang ganap na pananatili sa kublihan (shelter in place).
- Makipag-ugnayan sa mga residente, bisita at tauhan: Ibahagi na mayroong kaso pero huwag sabihin kung sino ang may sakit o nagpositibo sa test. Panatilihin ang pagiging kumpidensyal ng apektadong tao na may COVID-19 ayon sa iniaatas ng Batas sa Mga American na may Kapansanan (Americans with Disabilities Act), Batas sa Mga Karapatan at Pagkapribado sa Edukasyon ng Pamilya (Family Education Rights and Privacy Act) at malamang na pati Batas sa Portability at Accountability ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA)
- Linisin at i-disinfect nang mabuti ang pasilidad, lalo na ang alinmang lugar kung saan nagpunta o maaaring nagpunta ang taong iyon. Sumangguni sa seksyong may pamagat na “Cleaning and disinfecting your building or facility if someone is sick” (Paglilinis at pag-disinfect ng iyong gusali o pasilidad kung mayroong may sakit) sa webpage na Cleaning and Disinfection (Paglilinis at Pag-disinfect) ng CDC, sa www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/disinfecting-building-facility.html.
- Makipagtulungan sa SFDPH upang malaman kung kailan maaaring magbukas ulit para sa mga bisita ang pasilidad. Tukuyin kung kailan maaaring pumasok ulit ang mga tauhan, at kung anong mga karagdagang hakbang ang kinakailangan para makabalik ang mga bata at kabataan.



Paano ko ia-isolate ang isang residente na pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19?

- Dapat magsuot ang mga may sakit na residente ng surgical mask o takip sa mukha.
- Papuntahin ang mga may sakit na residente sa isang pang-indibidwal na kwarto.
- Kung walang pang-indibidwal na kwarto para sa mga may sakit na residente, isaalang-alang ang paggamit ng isang kwarto na malaki, may magandang bentilasyon, at maisasaradong pinto, para doon manatili ang mga residenteng may sakit.
- Sa mga lugar kung saan pinapanatili ang mga residenteng may sakit sa respiratory system, panatiliing hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo ng mga kama, gumamit ng mga pansamantalang dibisyon sa pagitan ng mga kama (tulad ng mga kurtina), at ayusin ang mga kama para ang mga indibidwal ay malayo sa isa't isa.
- Kung posible, magtalaga ng hiwalay na banyo para sa mga may sakit na residente.
- Sabihan ang residente na iwasan ang pakikipaghiraman sa ibang tao ng mga gamit tulad ng mga pinggan, tasa, kutsara at tinidor, tuwalya, sapin sa kama, o iba pang gamit. Pagkatapos gamitin ng residente ang mga gamit na ito, dapat hugasan nang husto ang mga ito.
- Hangga't maaari, ang mga may sakit na residente ay dapat kumain sa kanilang kwarto, umiwas sa mga karaniwang lugar, at kung papasok sila sa mga karaniwang lugar, dapat silang maghugas ng kamay bago pumasok.

Sabay-sabay na Pagkain at Mga Panggrupong Aktibidad

Mayroon bang gabay kung paano magpatupad ng mas ligtas na karanasan sa sabay-sabay na pagkain at mangasiwa ng mga mas ligtas na panggrupong interaksyon kapag nakikibahagi ang mga residente sa mga aktibidad sa ating pasilidad?

Ang [Guidance About In-person Visits, Communal Dining and Resident Activities](https://www.sfdcp.org/covid19) (Gabay Tungkol sa Mga Personal na Pagbisita, Sabay-sabay na Pagkain at Mga Aktibidad ng Residente) ng SFDPH – ay makikita sa www.sfdcp.org/covid19 – nakabalangkas dito ang mga rekomendasyon at tagubilin.

Mga Pagbisita ng Mga Non-Essential na Tao

Marami sa ating mga pamilya ang ilang buwan nang hindi nakikita ang kanilang mga nakatatandang kamag-anak at nag-aalala na sila. Pinapayagan ba ang mga bisita o non-essential na taong bumisita sa kanilang mga mahal sa buhay na nasa pasilidad?

Oo, pinapayagan na ngayon ng Lungsod at County ng San Francisco ang outdoor na pagbisita o pagbisita nang may harang o bintana [sa sasakyan o sa pasilidad] ng mga non-essential na bisita.

May hatid na mga panganib ang mga personal na madalas na pagbisita. Para mabawasan ang panganib ng pagkahawa sa COVID-19, dapat magpatupad ang mga pasilidad ng mga hakbang sa pag-iingat at pagpapaliit ng panganib – at dapat bigyan ng kaalaman at sanayin sa pagsunod ang mga tauhan, residente, at bisita. May ilang partikular na paunang kinakailangan na dapat matugunan bago magpapunta ulit ng mga bisita sa mga pasilidad.

Dapat sumunod ang mga pasilidad at bisita sa mga patakarang nakabalangkas sa na-update na [Guidance About In-person Visits, Communal Dining and Resident Activities](https://www.sfdcp.org/covid19) (Gabay Tungkol sa Mga Personal na Pagbisita, Sabay-sabay na Pagkain at Mga Aktibidad ng Residente) ng SFDPH na



naipalabas noong 9/6/2020 na nagbabalangkas sa sumusunod:

- Mga paunang kinakailangan na dapat matugunan ng mga pasilidad bago magpahintulot ng mga bisita
- Mga partikular na pamantayan na dapat sundin ng mga pasilidad para sa: 1) mga outdoor na pagbisita; 2) mga pagbisita sa pasilidad nang nakabukas at nakasara ang bintana; 3) mga pagbisita sa sasakyan nang nakataas at nakababa ang bintana
- Ano ang dapat gawin kung sakaling magkaroon ng bagong kaso ng COVID-19 sa pasilidad

Bilang alternatibong opsyon, dapat ding humikayat at gumawa ng mga paraan ang mga pasilidad para madalas na makausap ng lahat ng residente sa pamamagitan ng video call at tawag sa telepono ang mga miyembro ng pamilya, kaibigan, o iba pang tao na nangangalaga. Hangga't maaari, maghanap ng mga paraan para virtual na makaugnayan ang mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng FaceTime, Zoom, WhatsApp, atbp. (tingnan ang www.sfcdcp.org/safersocial).

Mga Mapagkukunan ng Karagdagang Impormasyon

Manatiling updated. Mabilis na nagbabago ang impormasyon. Makakakita ng mga kapaki-pakinabang na resource sa:

- Gabay ng SFDPH para sa mga provider ng pangangalaga sa bahay, pag-isolate sa bahay at pagbalik sa trabaho, at higit pa: www.sfcdcp.org/covid19
- Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California
 - [Gabay sa Mga Pagtakip ng Mukha mula sa CDPH \(6/29/2020\)](#)
 - [Lahat ng Liham sa Pasilidad \(All Facility Letter, AFL\)](#)
- Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC)
 - [Pansamantalang Gabay para sa Mga Negosyo at Employer mula sa CDC](#)
 - [Pag-iwas sa Pagkalat ng COVID-19 sa Mga Komunidad ng Retirado at mga Pasilidad para sa Independenteng Pamumuhay \(Pansamantang Gabay\)](#)
- Ahensya ng Mga Serbisyong Pantao ng SF:
[Tulong para sa mga nakakatandang nasa hustong gulang at taong may mga kapansanan](#)
(o tumawag sa 415-355-6700)